

## PAGPAPATIBAY NG MAAYOS NA KAPALIGIRALAN PARA SA MGA BATA

*by:*

**Hyacinth Shane V. Samaniego**  
*Teacher III, Mandama Elementary School*

Ang silid-aralan o ang kapaligiran ng pag-aaral ng isang indibidwal ay gumaganap ng isang mahalagang papel sa paghubog ng mga karanasang pang-edukasyon. Sa tradisyunal man na silid-aralan, “online” na platform; malaki ang epekto ng kapaligiran sa proseso ng pag-aaral. Ano-ano ba ang mga elementong nag-aambag sa paglikha ng isang epektibo at sumusuportang kapaligiran sa pag-aaral?

**Pisikal na Kapaligiran:** Ito ay isang pisikal na espasyo kung saan nagaganap ang pag-aaral at lubos na makakaimpluwensya sa pag-iisip at pakikipag-ugnayan ng mag-aaral. Ang isang silid-aralan, na may sapat na sinag ng ilaw, komportableng upuan ay maaaring makatulong sa konsentrasyon ng mga mag-aaral at magtaguyod ng isang positibong saloobin sa pag-aaral.

**Teknolohiya:** Sa makabagong panahon na “digital age”, ang teknolohiya ay naging mahalagang bahagi ng kapaligiran ng pag-aaral. Lalo na at ang mga Kabataan ay mayroong likas na kakayahan sap ag gamit ng mga iba’t ibang mga “gadgets”. Maari nating gamitin ito sa positibong paraan, sa pamamagitan ng pag gamit ng mga iba’t ibang “application” na maaring gamitin sap ag-aaral.

**Sosyal at Emosyonal na Klima:** Ang isang positibo at napapabilang na kapaligirang panlipunan ay mahalaga para sa epektibong pag-aaral. Nararapat na magkaroon ng kapaligiran na balance ang trato sa iba’t ibang mga mag-aaral upang maramdaman nil ana sila ay katanggap-tanggap, anoman ang kanilang itsura, kultura, lengwahe, at kung anoman ang kanilang pagkaka-iba.

Curriculum at Instructional Design: Ang nilalaman at mga iba't ibang estratehiya na ginamit ng mga guro sa pagtuturo ay mahalaga sa kapaligiran ng pag-aaral. Tinitiyak ng isang disenyong kurikulum na may kaugnayan at naaangkop sa magkakaibang istilo ng pagkatuto na mananatiling nakatuon at motibasyon ang mga mag-aaral. Ang pagsasama ng mga makabagong istratehiya sa pagtuturo, tulad ng pag-aaral na nakabatay sa proyekto at mga makatotohanang mundo na aplikasyon, ay maaaring higit na mapahusay ang karanasan sa pag-aaral.

Pagkakaroon ng "Feedback": Ang isang nakabubuo na kapaligiran sa pag-aaral ay nagsasangkot napapanahong feedback. Ito ay maaring masukat sa pamamagitan ng ebalwasyon, upang malaman kung ang bawat layunin ng aralin ay nagkaroon ng positibong resulta o hindi.

"Cultural Sensitivity and Diversity": Ang nakakapagpayaman sa kapaligiran ng pag-aaral ay tumutukoy sa pagkakaiba-iba ng kultura at nagtataguyod ng pagkakaisa. Ang ating bansa ay mayaman sa iba't ibang kultura at ito ay maari nating gamitin upang maging motibasyon ng mga bata sa kanilang pag-aaral.

Ang pagkakaroon ng maayos na kapaligiran sa pag-aaral ay makakatulong sa pag-unlad ng kanilang pag-aaral, ito ay isa sa mga dapat na bigyang pansin ng mga guro upang mapabilis ang maayos na proseso ng pag-aaral.

#### *References:*

<https://www.standrewssukhumvit.com/holistic-approach-children-q-education/#:~:text=This%20approach%20focuses%20on%20the,serve%20them%20fo%20a%20lifetime.>

<https://strobeeducation.com/blog/creating-a-positive-school-culture/>

McLoughlin, Catherine. "Learner support in distance and networked learning environments: Ten dimensions for successful design." *Distance Education* 23.2 (2002): 149-162.

Kember, David, Amber Ho, and Celina Hong. "Characterising a teaching and learning environment capable of motivating student learning." *Learning Environments Research* 13 (2010): 43-57.